MGA PAGKUKUNAN

- Para sa mas marami pang impormasyon sa mga maskara kabilang ang mga [illegible] bisitahin ang: **ph.lacounty.gov/masks.**
- Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa mga patakaran ng Cal/OSHA, bisitahin ang: https://www.dir.ca.gov/dosh/ coronavirus/COVID19FAQs.html
- Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa may bayad na pagliban sa trabaho, bisitahin ang: https://www.dir.ca.gov/dlse/ COVID19Resources/2022-SPSL-FAQs.html
- Kung nawalan ka ng trabaho o binawasan ang iyong mga oras dahil sa COVID-19, maaari kang maging kwalipikado para sa mga benepisyo ng seguro sa kawalan ng trabaho. Para mag-apply, bisitahin ang: https:// www.edd.ca.gov/about_edd/coronavirus-2019/workers.htm
- Para sa impormasyon tungkol sa karagdagang mga benepisyo sa pagliban na itinaguyod ng amo at gobyerno na maaaring nararapat mong matanggap, bisitahin ang: https://www.saferatwork.la/ employees
- Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa kung paano maghain ng reklamo sa Cal/OSHA, bisitahin ang: https:// www.dir.ca.gov/covid/workplace-issues.html
- Ang mga Konseho ng Pampublikong Kalusugan (Public Health Council) ay naglilingkod sa mga manggagawa sa paggawa ng damit; paggawa ng pagkain; bodega at imbakan; mga restawran; at mga pamilihan at supermarket, bisitahin ang http://publichealth.lacounty.gov/media/coronavirus/ phcouncils/index.htm

KUNG IKAW AY NASA MAS MATAAS NA PANGANIB NA MAGING MALUBHA ANG KARAMDAMAN KUNG IKAW AY MAGKAROON NG COVID-19, ISAALANG-ALANG ANG PAGGAWA NG SUMUSUNOD NA MGA HAKBANG PARA PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI HABANG NASA TRABAHO:

Kung ikaw ay nasa mas mataas na panganib na maging malubha ang karamdaman kung ikaw ay magkaroon ng COVID-19, isaalang-alang ang paggawa ng sumusunod na mga hakbang para protektahan ang iyong sarili habang nasa trabaho:

(1) Humingi ng respireytor sa iyong amo. Isuot ito sa lahat ng oras habang nasa paligid ng iba sa panloob na lugar, o habang nakasakay sa sasakyan kasama ng iba. Kung hindi para sa iyo ang pagsusuot ng respireytor, subukan ang "dobleng pagmamaskara" (pagsusuot ng maayos na kasyang telang maskara sa mukha sa ibabaw ng medikal na maskara).

(2) Panatilihin ang 6 na talampakang layo mula sa iba kung papahintulutan ito ng iyong mga kondisyon sa pagtatrabaho.

(3) Sa mga oras ng pahinga, kapag kailangan mong alisin ang iyong maskara para kumain o uminom, subukang gawin ito sa labas at malayo sa iba. Kung kailangan mong kumain sa loob sa paligid ng ibang tao, buksan ang mga bintana at pinto at panatilihin ang iyong distansya mula sa iba, kung maaari.

(4) Buksan ang mga bintana o pinto sa iyong lugar ng trabaho kung ligtas na gawin ito. Nakatutulong ang sariwang hangin na bawasan ang bilang ng mga maliliit na patak (droplets) sa hangin, na nagbabawas ng panganib na magkaroon ng COVID-19.

(5) Kung magkaroon ka ng COVID-19, maaari kang kumuha ng mga medisina na nakagagamot sa COVID-19 at makakatulong sa iyo para hindi ka mahospital. Ang mga medisinang ito ay pinakamahusay na gumagana kapag sinimulan kaagad-agad pagkatapos at sa loob ng 5-7 araw, depende sa medisina. Makipag-usap sa iyong doktor o tumawag sa (833) 540-0473. Alamin pa ang mas marami sa ph.lacounty.gov/covidmedicines.

Nilalaman ng polyeto ng Mga Karapatan ng Manggawa. Kasalukuyang nakalagay sa: http://publichealth.lacounty.gov/ media/Coronavirus/docs/business/Workers-Rights-Pamphlet.pdf

Kaligtasan sa COVID-19: Mga Karapatan ng Manggagawa sa California

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Los Angeles County Department of Public Health)
www.publichealth.lacounty.gov
10/3/22
Tagalog/Filipino

County of Los Angeles Public Health

KALIGTASAN SA COVID-19: MGA KARAPATAN NG MANGGAGAWA SA CALIFORNIA

Ayon sa Cal/OSHA, ang iyong amo ay kinakailangang gumawa ng mga hakbang para sa pagpoprotekta sa iyo mula sa COVID-19. Alamin ang iyong mga karapatan at iulat ang mga paglabag sa pamamagitan ng:

- Pakikipag-usap sa kinatawan ng inyong unyon.
- Paghahain ng reklamo sa Cal/OSHA sa pamamagitan ng pagtawag sa 833-579-0927.
- Paghahain ng reklamo sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health) sa pamamagitan ng pagtawag sa 888-700-7995, Lunes hanggang Biyernes, mula 8-5pm. Maaari kang maghain ng iyong reklamo nang hindi nagpapakilala.

PAGSASANAY NG EMPLEYADO

- Ang iyong amo ay dapat na may plano para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa lugar ng trabaho. Dapat silang magbigay ng pagsasanay sa lahat ng manggagawa tungkol sa plano sa pagpigil sa COVID-19 at sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng mga patakaran ngCal/OSHA ng estado.

PERSONAL NA PAMPROTEKTANG KAGAMITAN (O "PPE")

- Kung nagtatrabaho ka na kasama ng iba sa panloob na lugar o sumasakay sa mga sasakyan na may kasamang higit pa kaysa sa isang tao, ang iyong amo ay dapat mag-alok sa iyo ng mga magandang lapat at kasyang mga maskara at respireytor. Kung humingi ka ng N95 (NIOSH-certified) na mga respireytor, ang iyong amor ay dapat magbigay ng mga nasa tamang sukat pati na rin ang pangunahing mga tagubilin kung paano gamitin ang mga ito.

- Tulad ng lahat ng iniaatas sa amo para sa kaligtasan, ang gastos ng mga maskara at respireytor ay hindi dapat ipasa sa mga empleyado. Nangangahulugan ito na ang iyong amo ay dapat bigyan ka ng mga maskara o respireytor at palitan ang mga ito nang libre.
- Hindi ka maaaring hikayatin na huwag magsuot ng maskara o paghigantihan ng iyong amo dahil sa pagsusuot ng maskara sa mukha habang nasa trabaho.
- Habang ang lahat ng mga maskara ay nagbibigay ng ilang antas ng proteksyon, ang mga maganda ang pagkakalapat na kaysyang mga respireytor, lalo na ang mga N95, ay nagbibigay ng pinakamahusay na proteksyon.
- Ang iyong respireytor ay dapat palitan kung ito ay nasira, naiba ang anyo, nabasa, nadumihan, mahirap huminga kapag suot ito, o kung hindi na ito kasya ng maayos ang pagkakalapat. Kung gumagamit ka ng mga respireytor, suriin ang mga tagubilin ng tagagawa para malaman kung gaano katagal maaaring isuot ang mga ito bago ito dapat itapon. Ang mga medikal na maskara ay dapat itapon pagkatapos maisuot ng isang beses.

ORAS AT MGA SUPLAY PARA SA PAGHUHUGAS NG KAMAY

- Ang mga amo ay dapat magbigay ng mga istasyon ng hugasan ng kamay na may sabon at tubig at/o sanitizer para sa kamay. Dapat na nakalagay ang mga ito sa iyong lugar ng trabaho at sa anumang sasakyan na maaaring sakyan mo.
- Ang mga amo ay dapat ring bigyan ka ng sapat na oras sa araw ng iyong trabaho para hugasan o i-sanitize ang iyong mga kamay.

Alamin ang iyong mga karapatan.

PAGSUSURI SA COVID-19

- Ang mga amo ay dapat mag-alok ng pagsusuri nang walang bayad at habang nasa oras ng trabaho sa sinumang manggagawa na:
  - o May mga sintomas ng COVID-19
  - o Nagkaroon ng malapitang nakasalamuha sa may COVID-19 sa trabaho o maaaring nalantad sa panahon ng pagsiklakb sa lugar ng trabaho, maliban doon sa mga gumaling na mula sa COVID-19 sa nakalipas na 90 araw at walang sintomas.
  - o Kailangan ng pagsusuri para patuloy na makapagtrabaho pagkatapos ng pagkakalantad sa trabaho o para makabalik sa trabaho nang mas maaga kapag nasa pagbubukod (isolation).

- Maaaring gawin ang pagsusuri sa pamamagitan ng iyong amo, sa opisina/klinika ng iyong doktor o sa sentro ng kalusugan (health center), sa lokal na kagawaran ng kalusugan, o sa lugar ng pagsusuri sa komunidad. Ang iyong amo ay dapat na bayaran ang lahat ng iyong mga gastos sa pagsusuri, kabilang ang pagbabayad ng iyong mga sahod para sa iyong oras upang masuri (kabilang ang paglalakbay papunta at pabalik mula sa lugar ng pagsusuri). Dapat ka rin nilang bayaran sa paglalakbay mo patungo sa lugar ng pagsusuri (halimbawa milyahe o pampublikong transportasyon).

BAYAD SA HINDI PAGPASOK SA TRABAHO

- Ang iyong amo ay dapat kang bayaran sa hindi pagpasok sa trabaho (kilala bilang bayad sa pagbubukod) kung ikaw ay sinabihan na manatili sa bahay mula sa trabaho dahi mayroon kang COVID-19 o nalantad sa COVID-19 habang nasa trabaho. Dapat ka nilang bayaran sa iyong regular na sahod sa panahon na inaatasan kang manatili sa bahay.
- Maaari ka ring makakuha ng bayad na oras mula sa trabaho sa pamamagitan ng programang COVID-19 Supplemental Paid Sick Leave upang makapagpabakuna para sa COVID-19, upang gumaling mula sa mga sintomas na nauugnay sa bakuna, o kung kailangan mong pangalagaan ang isang miyembro ng pamilya na may COVID-19 o kailangang magkulong (quarantine). Tingnan ang karatula ng COVID-19 Supplemental Paid Sick Leave at mga madalas na katanungan (FAQ) para sa mas marami pang impormasyon.

AKO SA KALIGTASAN SA COVID-19 SA TRABAHO?

- Makipag-usap sa kinatawan ng inyong unyon.
- Maghain ng reklamo sa Cal/OSHA sa pamamagitan ng pagtawag sa 833-579-0927.
- Maghain ng reklamo sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health) sa pamamagitan ng pagtawag sa 888-700-7995. Maaari kang maghain ng iyong reklamo nang hindi nagpapakilala

10/3/22
Tagalog/Filipino